Pangalan: Albazar J. Malik
Paksa ng Khutbah: “Bakit ka Nilikha?”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga alipin ni Allah, mula sa mga tradisyon na kinamulatan natin dito sa Mundong ibabaw, saan mang dako ng Mundo na kapag ang isang batang musmos ay dumating na sa edad na nakakalakad na at nagkakaroon ng pag-iisip, ay agad siyang hinahatid ng kanyang mga magulang sa paaralan. Ang layunin ng kanyang mga magulang ay upang siya ay magkaroon ng kaalaman at ang kaalamang ito ang maghahanda sa kanya sa magandang trabaho at ang magandang trabaho na ito ang maghahatid sa kanya upang makamit ang pangangailangan para sa kasiyahan dito sa Mundo.

Mga kapatid sa Islam, kung ang paghatid sa atin ng ating mga magulang sa paaralan noong tayo ay musmus pa lamang ay para sa ating magandang kinabukasan,  paano pa kaya ang layunin ng Tagapaglikha kung bakit tayo ay Kanyang nilikha dito sa Mundong ibabaw at bukod tangi sa lahat ng Kanyang mga nilikha?

Dahil hindi natin maipagkakaila, mayroon sa atin ngayon na ang kanilang paniniwala at pag-aakala na sila ay biglaang nalikha lamang at nangyari dito sa Mundong ibabaw katulad ng mga ibang nilikha o di-kaya’y katulad ng mga hayop

na kakain, iinum, at matutulog lamang dito sa Mundo at walang patutunguhan ang buhay. Kung kaya't ang mga taong ito ay matatagpuan natin na abala ang kanilang mga isip sa kanilang mga oras at kanilang pagnanasa sa paghahabol sa mga palamuti ng satanas dito sa Mundong ibabaw. Mga alipin ni Allah, pakinggan natin nang maigi ang sinabi ng ating Panginoong Allahu Ta'Ala:

﴿ أَفَحَسِبْتُمْ أَنَّمَا خَلَقْنَٰكُمْ عَبَثًا وَأَنَّكُمْ إِلَيْنَا لَا تُرْجَعُونَ (115) فَتَعَٰلَى ٱللَّهُ ٱلْمَلِكُ ٱلْحَقُّ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ رَبُّ ٱلْعَرْشِ ٱلْكَرِيمِ (116) ﴾ المؤمنون: 115-116

***"Napag-aakala ba ninyo na Aming nilikha lamang kayo sa paglalaro (na walang layunin), at kayo ay hindi muling magbabalik sa Amin? Higit na Kataas-taasan si Allah, ang tunay na Hari, La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Panginoon ng Mataas na Luklukan."*** (Al-muhminun 115-116)

'Iyaadhan billah! Tunay na marami sa mga tao ang napakasama at hindi makatarungan. Hindi ba't noong tayo ay iniluwal ng ating mga ina dito sa Mundo mula sa kanilang sinapupunan ay wala tayong saplot, walang posisyon, walang trabaho, walang sasakyan, at walang bahay. Pagkatapos ay unti-unti tayong binigyan ng talino hanggang sa nagkaroon ng trabaho at posisyon. Nakabili ng magarang sasakyan at nagkaroon ng marangyang buhay, ngunit naging abala tayo at nakalimutan ang layunin kung bakit tayo nasa Mundong ibabaw. At si Allah ay nagbigay ng matinding babala para sa mga taong nakalimot at tumalikod sa pagkilala at pagsunod sa Kanya at hindi tumupad sa layunin ng pagkalikha sa kanila.

Ang sabi ni Allah:

﴿ وَمَنْ أَعْرَضَ عَن ذِكْرِى فَإِنَّ لَهُۥ مَعِيشَةً ضَنكًا وَنَحْشُرُهُۥ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ أَعْمَىٰ ﴾ طه: 124

***"Datapuwa't sinumang sumuway sa Aking paala-ala (alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur-an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito), katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan at siya ay bubuhayin Naming muli na bulag sa Araw ng muling Pagkabuhay."*** (Taha :124)

عِبَادَ اللهِ إِنَّ أَعْظَمَ مَا أَمَرَ اللهُ بِعَبْدِهِ التَّوْحِيد وَخَلَقَهُم لَهَا، كَمَا قَالَ اللهُ تَعَالَى ﴿وَمَا خَلَقْتُ الجِنَّ وَالإِنْسَ إِلا لِيَعْبُدُون﴾ وَمَعْنَاهُ إِلا لِيَعْبُدُون أَي لِيُوَحِّدُون.

Mga alipin ni Allah, katotohan ang pinakamalaking utos sa atin ni Allah ay ang Kanyang Kaisahan – Ang ***Tawhid***, at ito ang dahilan kung bakit tayo nilikha ni Allah, gaya ng sabi Niya sa Qur-an sa malapit nitong kahulugan ***“At wala Akong dahilan sa paglikha sa mga Jinn at mga tao maliban lamang ang sumamba sila sa Akin,”*** at ang Tafsir ng mga ‘Ulama sa “maliban lamang ang sumamba sila sa Akin” ay “maliban lamang na sambahin Siya na Nag-iisa,” sapagkat ang ating Salah, pag-aayuno, Sadaqah, at paglalakbay sa Bahay ni Allah sa Makkah upang magsagawa ng Hajj o anumang uri ng pagsamba kung wala sa atin ang Tawhid ay baliwala at hindi tatanggapin ni Allah sa kabilang-buhay.

Ang sabi ng mga Salafus-saleh, ang ibig sabihin ng “maliban lamang ang sumamba sila sa Akin” ay upang utusan tayo at pagbawalan, at ang pinakamalaking ipinag-utos sa atin ni Allah ay ang “Tawhid” o ang pagsamba lamang sa Nag-iisang Panginoon na si Allahu Ta’Ala. At ang pinakamalaking ipinagbawal sa atin ni Allah ay ang “Shirk” o ang pagsamba sa mga diyus-diyusan liban pa kay Allah o pagtatambal sa Kanya. Kung kaya’t ang ating mahal na Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay hindi nagkulang sa pagbibigay babala sa atin.

Mula kay ‘Abdullah ibn Mas'ud (radhiyallahu ‘anhu) ay nagsabi:

**"مَن ماتَ لا يُشْرِكُ باللَّهِ شيئًا دَخَلَ الجَنَّةَ، ومَن ماتَ يُشْرِكُ باللَّهِ شيئًا دَخَلَ النَّارَ."** رواه مسلم

***“Sinuman ang namatay na hindi nagtatambal kay Allah ng anumang bagay, siya ay papapasukin sa Paraiso, at sinuman ang namatay na nagtatambal kay Allah ng anumang bagay, siya ay papapasukin sa Impiyerno.”*** (Inulat ni Muslim).

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa Islam, alhamdulillah narinig na natin kung ano ang layunin ng buhay natin dito sa Mundo at ang gantimpala at kabutihan kapag natupad natin ito. Gayundin ang kasamaan at parusa dito sa Mundo, lalo na sa kabilang-buhay kapag tinalikuran at hindi natin ito isinabuhay. Kung kaya't hilingin natin kay Allah na nawa'y laging gabayan Niya tayo at patatagin sa pagtupad ng layunin natin sa karapatan ni Allah sa atin hanggang sa bawian tayo ng buhay ng Dakilang Tagapaglikha.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***